



PAGBABAWAS NG 20% SA GAMIT NG ENERHIYA SA DAAN – mga payo para kayo’y makapagsimula
Para sa mas mabuting kalusugan at sa mas malinis na kapaligiran.



416.338.7600 toronto.ca/health

 **TORONTO** Public Health

Mga payo sa pagtitipid sa gamit ng enerhiya sa daan

Bawasan ang buga ng usok ng sasakyan:

- Tiyaking laging sapat ang hangin sa goma ng inyong sasakyan; tingnan ang presyur nito dalawang beses sa isang buwan at magdagdag ng hangin kung kailangan nito
- Panatilihin nasa maayos na kalagayan ang inyong makina
- Huwag biglain ang pagpapabilis o pagpreno ng sasakyan
- Pumili ng matipid-sa-enerhiyang sasakyan; mas malakas kumain ng gasolina at mas magastos patakbuhan ang malalaking kotse at makina
- Limitahan ang paggana ng makina habang nakatigil ang sasakyan – magastos ito sa gasoline at sumasalaula sa hangin

Bawasan ang gamit ng sasakyan:

- Carpool – makisakay papunta sa trabaho, paaralan o mga okasyon
- Mamasaha – mag-bus, streetcar, subway o GO Train
- Maglakad at magbisikleta – gamitin ang inyong mga binti para sa magandang ehersisyo
- Telework – magtrabaho mula sa inyong tahanan kahit minsan sa isang buwan at mag-ambag sa paglinis ng kapaligiran
- Trip chain – pagsama-samahin ang ilang lakad sa isang biyahe sa halip na bumiyahe nang paulit-ulit

Kunin ang inyong libheng kopya ng 20/20 Planner para matuto pang higit tungkol sa mga paraan ng pagtitipid ng 20% mula sa gamit ng enerhiya sa bahay at sa daan. www.toronto.ca/health/2020 o 416-392-2020



